REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 71

KAPASIYAHAN NA PINUPURI ANG MAAGANG PAGKAKALUTAS NG KASONG PAGPASLANG KAY G. ROMULO BUNYE II SA PAMAMAGITAN NG MAAGAP NA PAGKILOS, KAGALINGAN AT KAGITINGAN NA ISINAGAWA NG MGA PILING TAUHAN NG PULISYA NG BAYAN NG MUNTINLUPA.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang pagbigay ng papuri o pagkilala sa mga alagad ng batas sa kanilang matapat at matuwid na pagganap at pagpapatupad sa kanilang sinumpaang tungkulin ay nararapat lamang;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng pagkilala o papuri lalo na ng mga matataas na pinuno ng pamahalaan sa kanilang mga mabubuting gawain ay nakakaangat ng kanilang moral upang higit nilang pag-ibayuhin ang pagsisilbi sa bayan;

SAPAGKAT, ang maagang pagkahuli sa mga lumalabag sa batas ay magdudulot sa mamamayan ng ibayong paniniwala sa pagkamakatarunganan ng batas at magsisilbing babala o hadlang sa mga masasamang elemento na nagnanais na sumira ng kaayusan at katahimikan ng pamayanan;

SAPAGKAT, ang maagang pagkilos na naging sanhi ng mabilis na pagkakalutas ng pagpaslang kay G. Romulo Bunyé II ay maging halimbawa na dapat tularan ng iba pang tagapamayapa at nagpapatupad ng batas;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na:

1. Bigyan ng pagpapahalaga at papuri ang mga tauhan ng pulisya na nagsagawa ng mabilis na pagkakalutas ng krimen at pagkahuli ng mga salarin na pumaslang kay G. Romulo Bunyé II.

2. Sa maagang pagkakalutas ng krimen ay hinihiling sa mga kinauukulan na mataas ng ranggo o katungkulan ang mga piling tauhan ng pulisya ng Muntinlupa sa kanilang kahusayan at kagitingan na sina:

   Maj.Francisco B. Landrito

   a) P/Capt. Jose S. Manuel
   b) P/Sgt. Eladio Tagle
   k) P/Sgt. Jacinto Medina
   d) P/Sgt. Levi Soledad
   e) P/Sgt. Mauro Arojado
   g) P/Cpl. Winefredo Mercado
   H) P/Cpl. Erlindo Ramos
   i) Pfc Enriquito Manahan
   l) Pfc Faustino Reformado
   m) Pfc Pablo Reyes
   n) Pat. Cristito Veluz
   o) Pat. Roger Hernandez
   p) Pat. Rodel Gonzales
   r) Pat. Godioso Alger, Jr.
   s) Pat. Joel Vega

3. Bigyan ng sipi ng Kapasiyahan Bilang 72 ang Kgg. Elfren Cruz, Gobernador ng Komisyon ng Kalakhang Maynila; Kgg. Jejomar Binay, Punongbayan ng Makati at Tagapangulo ng Kapulungan para sa Katahimikan at Kaayusan ng Kalakhang Maynila; Maj. Gen. Ramon Montaño, PC/INP Chief at Brig. Gen. Alexander Aguirre, CAPCOM Commander at Direktor ng Metropolitan Police Force at Brig. Gen. Jesus Samson, Superintendent ng Southern Police District.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

pahina 2 (K.B. Blg. 71) -

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang t a n g i n g , pulong na ginanap noong ika-6 ng Enero 1989.

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGD. CARLO G. TENSUAN

KGD. ALEJANDRO L. MARTINEZ

KGD. EPIFANIO A. ESPELETA

KGD. REY E. BULAY

KGD. ROMAN E. NIEFES

KGD. LUCIO B. CONSTANTINO

KGD. NEMESIO O. MOZO

KGD. RUFINO B. JOAQUIN

KGD. ROGER C. SMITH

KGD. NOLASCO L. DIAZ

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: Enero 6, 1989